# Impormasyon sa pagkaka-suspinde at pagbubukod para sa mga magulang at mga tagapag-alaga

Karamihan sa mga mag-aaral ay kumikilos sa ligtas at positibong paraan kung kaya nila ito. Kapag hindi ito kaya ng estudyante, ito ay kadalasang dahil kailangan nila ng tulong upang gawin ang ipinagagawa sa kanila. Ang isang mag-aaral ay maaaring natututo pa lamang makipag-usap, makiramdam at makitungo. Maaaring hindi nila magamit ang kanilang kasanayan dahil nakakaramdam sila ng pagkadismaya, pagkabalisa o hindi mabuti ang pakiramdam. May mga mag-aaral na nagsisikap na matugunan ang kanilang pangangailangan sa pakikipagkaibigan, paggalang at pakikisama, ngunit hindi ito naisagawa sa pinakamahusay na paraan.

## Paano nakakatulong ang pagkakasuspinde at pagbubukod?

**Ang pagkakasuspinde at pagbubukod ay hindi ginagamit bilang parusa. Ang mga ito ay mga tugon sa pag-uugali ng mag-aaral na nakakaapekto sa kaligtasan at pag-aaral ng iba.**

**PAGKASUSPINDE AT PAGBUBUKOD:**

- tumutulong sa mga paaralan na maging ligtas at positibong lugar ng pag-aaral para sa lahat
- ay ginagamit lamang kapag ang ibang paraan ay hindi nakatulong sa mga mag-aaral na kumilos ng ligtas at positibo
- ay mga proseso sa paglutas ng mga problema
- nakakatulong para sa mga mag-aaral, magulang tagapag-alaga at sa paaralan na magtulungan kung paano susuportahan ang mga mag-aaral na kumilos ng ligtas at positibo sa hinaharap.

## Ano ang pagkakasuspinde?

**PAGKAKASUSPINDE:**

- ay isang panandaliang tugon tungkol sa nakakabahalang kinikilos ng mag-aaral na nakaka-apekto sa kaligtasan at pag-aaral ng iba
- ibig sabihin nito ay ang naturang mag-aaral ay hindi papasok sa eskwelahan mula sa 1 hanggang 5 araw
- ay pinagpapasyahan ng punong guro.

## Ano ang pagbubukod?

**PAGBUBUKOD:**

- ay isang mas matagal na tugon sa seryosong kinikilos ng mag-aaral na nakaka-apekto ng kaligtasan at pag-aaral ng iba
- ibig sabihin ay ang mag-aaral ay hindi makakapasok sa eskwelahan mula 4 hanggang 10 linggo o sa nalalabi pang panahon ng 'school term'
- maaaring mangyari lamang kung ang estudyante ay nasuspinde na mula sa 1 hanggang 5 araw ng pagpasok sa eskwela
- ay pinagpapasyahan ng punong-guro.

## Kailan maaaring isuspinde o ibukod and isang mag-aaral?

Ang batas ay nagsasaad na ang punong-guro ay maaaring magsuspinde o magbukod ng estudyante. Ito ay maaari lamang mangyari kapag ang punong-guro ay naniniwala na ang isang mag-aaral ay kumilos sa isang paraan na nakaka-apekto sa kaligtasan at pag-aaral ng iba.



Government of South Australia
Department for Education

## Papaano ginagawa ang pagpapasya dito?

Ang punong-guro ay kikilos ng walang kinikilingan at kikilatisin ang bawat sitwasyon. Ang punong-guro ay dapat na mapagtanto na ang pagkakasuspinde o pagbubukod ay ang pinaka nararapat na tugon sa kinilos.

## Ano ang magagawa ko para tulungan ang anak ko?

**Laging mahalaga na unawain ang nangyari.**

- Manatiling kalmado
- Kausapin ang inyong anak
- Makipag-usap sa eskwelahan.

**Kapag sama-sama, maaaring makagawa ng plano para:**

- suportahan ang kinikilos ng anak ninyo na ligtas at positibo
- suportahan ang pag-aaral ng inyong anak.

**Ito ay magiging bahagi ng:**

- Pagpupulong sa Mga Dapat Gawin (Directions Conference)
- Pulong sa Pagbabalik-ugnay (Reconnection Meeting).

## Mga Reklamo at Apila

**ANG MGA DESISYON SA PAGKAKASUSPINDE AY HINDI MAAARING I-APILA**

Kung hindi po ninyo malulutas ang isang hindi pagkakasundo sa paaralan ng iyong anak tungkol sa isang desisyon sa pagsuspinde, maaari po kayong gumawa ng reklamo sa Department for Education Customer Feedback Unit.

Telepono 1800 677 435 (walang bayad)


Gamitin ang online na porma para sa reklamo sa www.education.sa.gov.au/schoolcomplaint

**ANG MGA DESISYON SA PAGBUBUKOD AY MAAARING I-APILA**

Maaari po ninyong malaman kung paano i-apila ang pagbubukod sa Pagpupulong sa Mga Dapat Gawin (Directions Conference). Makakatanggap din po kayo ng porma para sa apila. Mayroon po kayong 5 araw ng pagpasok sa eskwela matapos ang Directions Conference para ipasa ang inyong apila.

Tandaan po lamang, karamihan sa mga mag-aaral ay kumikilos sa ligtas at positibong paraan kapag kaya nila ito. Makipagtulungan po tayo sa paaralan para suportahan ang inyong anak na maging matagumpay sa kanilang pag-aaral.

**Ang aming layunin ay ligtas na pagsasama para sa lahat ng mag-aaral.**






**Department for Education**
31 Flinders Street
Adelaide SA 5000